# Alamin ang Iyong Mga Karapatan: Kung Bibisita ang ICE sa Iyong Bahay

Lahat ng mga taong nakatira sa Estados Unidos, kabilang ang mga hindi dokumentadong imigrante, ay may ilang partikular na karapatan sa Konstitusyon ng U.S. Kung hindi ka dokumentado at kumakatok sa iyong pintuan ang mga ahente ng imigrasyon (ICE), alamin na mayroon ka ng mga sumusunod na karapatan:

**Hindi mo kailangang buksan ang pinto.** Hindi mo kailangang buksan ang pinto o papasukin ang mga opisyal sa iyong tahanan maliban kung mayroon silang valid na search warrant na pinirmahan ng hukom.

Ang warrant ng deportasyon ng ICE ay hindi katulad ng search warrant. Kung ito lang ang dokumentong mayroon sila, hindi sila puwedeng legal na pumasok maliban kung pumayag kang papasukin sila nang pasalita.

Kung sinasabi ng mga opisyal na mayroon silang search warrant na pirmado ng hukom, hilingin sa kanila na i-slide ito sa ilalim ng pinto o itapat ito sa bintana para makita mo ito.

Kung walang tamang pangalan at addres mo ang warrant **at** hindi pirmado ng hukom, hindi mo kailangang buksan ang pinto o papasukin sila.

Kung magpasya kang makipag-usap sa mga opsyal sa anumang pagkakataon, hindi mo kailangang buksan ang pinto para gawin ito. Puwede kang makipag-usap sa kanila sa pinto o lumabas at isara ang pinto.

**May karapatan kang manatiling tahimik**. Hindi mo kailangang makipag-usap sa mga opisyal ng imigrasyon o sagutin ang anumang mga katanungan.

Kung tatanungin ka kung saan ka ipinanganak o kung paano ka nakapasok sa Estados Unidos, puwede kang tumangging sumagot o manatiling tahimik.

Kung pipiliin mong manahimik, sabihin na "Pipiliin kong manahimik."

Puwede kang magpakita ng **card na alamin-ang iyong-mga karapatan** (English) (tagalog) sa opisyal na nagpapaliwanag na mananatili kang tahimik at gusto mong makipag-usap sa abogado.

Puwede kang tumangging magpakita ng mga dukomento ng pagkakakilanlan na nagsasabi kung saan bansa ka galing.

Huwag magpakita ng anumang mga pekeng dokumento at huwag magsinungaling.

**May karapatan kang makipag-usap sa abugado**. Kung ma-detain ka o madala sa kustodiya, may karapatan kang humingi ng abugado at makatanggap ng tawag mula sa iyong abogado. Humingi ng kopya ng Handbook ng Detainee para maintindihan ang mga patakaran ng Detention Center.

Kahit wala kang abogado, puwede mong sabihin sa mga opisyal ng imigrasyon na gusto mong makipag-usap sa abugado.

Kung mayroon kang abugado, may karapatan kang makipag-usap sa kanila. Kung mayroon kang pinirmahang Form G-28, na nagpapakitang mayroon kang abugado, ibigay ito sa isang opisyal.

Kung wala kang abugado, humingi sa opisyal ng imigrasyon ng listahan ng mga pro bono na abugado.

May karapatan ka ring makipag-ugnayan sa iyong konsulado. Puwede kang matulungan ng konsulado sa paghahanap ng abugado.

Puwede kang tumangging pumirma sa anumang/lahat ng mga papeles hangga't hindi ka pa nagkakaroon ng pagkakataong makausap ang abugado.

Kung pipiliin mong pumirma sa anumang dokumento nang hindi nakikipag-usap sa abugado, siguraduhing nauunawaan mo nang lubos ang sinasabi sa mga dokumento at ang kahulugan nito bago mo pirmahan ito.

May karapatan kang magsalita para humiling na tumawag sa mga miyembro ng pamilya o kaibigan nang libre kung wala kang sapat na pera sa iyong account pagkatapos ng 10 araw.

*Inilaan ang flyer na ito para sa mga layuning pangkalahatang impormasyon lang at hindi nagbibigay ng legal na payo. Hindi ka dapat kumilos o umasa sa anumang impormasyon sa flyer na ito nang hindi hinihingi ang payo ng isang kwalipikado, lisensyadong abogado ng imigrasyon. Para sa higit pang impormasyon kung paano ito puwedeng i-apply sa iyong kaso, makipag-ugnayan sa iyong abogado ng imigrasyon o humanap ng abogado ng imigrasyon sa* https://www.ailalawyer.org/

AILA
**©2025 American Immigration Lawyers Association**
**#AILAStandsWithImmigrants**